

Pagdalo ng Mag-aaral sa BPSD



Mga Inaasahan

- Ang lahat ng mga mag-aaral sa BPSD ay inaasahang dumalo sa mga klase maliban na lamang kung sila ay may sakit o may kasunduan sa paaralan dahil sa kanilang kalagayang pangkalusugan. Ang mga mag-aaral ay inaasahang makikilahok sa lahat ng remote at blended na mga klase tuwing ang mga ito ay magaganap.
- Kung ang mag-aaral ay mayroong mga sintomas ng trangkaso (ubo, lagnat, pananakit ng lalamunan, sipon, pananakit ng kalamnan, sakit ng ulo, pagkahilo, labis na pagkapagod), siya ay kailangang manatili sa bahay.
- Kung ang kasama sa bahay ay nag positibo sa COVID-19, kinakailangang sila ay komunsulta sa [Shared Health](#) bago bumalik sa paaralan at sundin ang mga tagubilin.
- Ang mga mag-aaral ay kailangang ihiwalay ang sarili ng 14 na araw kung ang mga kasamahan sa bahay ay naglakbay sa labas ng MB. Ang pamilya ay dapat makipag-ugnayan sa paaralan ng bata upang ipaalam ang dahilan ng pagliban.
- Kung ang mismong mag-aaral na kasama sa bahay ang nag positibo sa COVID-19, ang mga magulang o tagapag-alaga ay pinapayuhang makipag-ugnayan kaagad sa principal ng paaralan upang maipalam ng principal sa Superintendent/CEO ang tungkol dito. Ang dibisyon ng paaralan ang makikipag-ugnayan sa mga kawaning pangkalusugan.

Mga Inaasahan sa Kalinisan at Tamang Pag-uugali:

- Ang mga mag-aaral ay dapat gumamit kaagad ng hand sanitizer o dapat maghugas ng kamay pagpasok sa paaralan.
- Ang mga alituntunin sa personal na kalinisan na nakakabawas sa peligrong dala ng pagkalat ng virus ay dapat sundin sa lahat ng oras. Ang mga ito ay ang mga sumusunod:
- Pagtatakip ng bibig at ilong tuwing uubo at babahing gamit ang tissue o siko.
- Itapon kaagad ang ginamit na tissue sa basurahan.
- Ugaliing maghugas ng kamay, lalo na pagkatapos umubo o bumahing nang walang tissue, paghipo sa hawakan ng pinto, gripo, at bago at pagkatapos kumain.
- Iwasang hipuin ang mata, ilong, at bibig.
- Panatilihin at sundin ang gabay sa distansya sa pagitan ng mga tauhan ng paaralan at mga kapwa mag-aaral.